International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 71-80

# Validity and Reliability of the SOLO-Based Assessment in Language Proficiency of Incoming Seventh-Grade Students

**JERIEL B. CARACOL**
**SAN MIGUEL NATIONAL HIGH SCHOOL**
jeriel.caracol@deped.gov.ph

**GRACELYN C. ALTAYA, Ed.D**
**SULTAN KUDARAT STATE UNIVERSITY**
gracelynaltaya@sksu.edu.ph

## Abstract

This study evaluates the validity and reliability of the SOLO-Based assessment in measuring the language proficiency of incoming seventh-grade students. Using a research and development design, a 50-item test aligned with DepEd Order No. 8, s. 2015, was developed and administered to 68 students from three schools in Norala, South Cotabato. The assessment focused on semantics and grammar, revealing that while students demonstrated satisfactory proficiency in connotation and denotation, their grammatical skills needed improvement. Expert evaluation confirmed the test's strong alignment with its objectives, validating its effectiveness as an assessment tool. Reliability analysis indicated that the test was consistent and applicable for broader use. ANOVA results showed no significant differences in language proficiency among students from different schools. Overall, the findings affirm that the SOLO-Based assessment is a valid and reliable instrument for evaluating students' language proficiency, with recommendations to enhance grammatical competence further. This will enhances language education by identifying effective teaching strategies and assessment methods, providing valuable insights for improving instruction and addressing linguistic challenges.

.

## INTRODUCTION

Ang wika ay pundasyon ng komunikasyon at mahalagang aspeto ng pagkatuto sa akademikong konteksto, lalo na sa mga mag-aaral sa batayang edukasyon. Sa kabila ng pagpapahalaga sa kasanayang pangwika, maraming hamon ang kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-unawa at paggamit nito, partikular sa larangan ng semantika at gramatika.

Ang pag-unlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral ay isa sa mga pangunahing prayoridad ng edukasyon, lalo na sa mga bansang may multilinggwal na populasyon. Ayon sa ulat ng UNESCO (2020), ang kakayahang maunawaan at magamit ang wika sa iba't ibang antas ng kasanayan, tulad ng semantika at gramatika, ay susi sa akademikong tagumpay at epektibong komunikasyon. Dahil dito, mahalagang masukat ang kasalukuyang antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral upang makapagbigay ng angkop na suporta at gabay sa kanilang pagkatuto.

Isinusulong ng Kagawaran ng Edukasyon ang Revised K-12 Curriculum na naglalayong mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wika bilang pundasyon ng pagkatuto ng ibang wika, tulad ng Filipino at Ingles. Gayunpaman, ayon sa ilang pag-aaral (Bernardo, 2018), may mga hamon pa ring kinakaharap ang mga guro at mag-aaral, partikular sa mga rural na lugar, kung saan ang kakulangan sa materyales at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika ay isang suliranin.

Sa kabila nito kapansin-pansin ang mababang antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa elementarya, lalo na sa semantika at gramatika. Ang mga kahinaan na ito ay nagiging hadlang sa kanilang pakikilahok sa klase at sa kanilang kakayahang makasabay sa mga aralin. Ang mga guro mula sa Distrito ng Norala ay na maraming mag-aaral ang hirap sa pagbibigay ng tamang kahulugan ng mga salita at sa tamang paggamit ng gramatikal na estruktura. Ang kakulangan sa kasanayan ay lalo pang pinapalala ng kakulangan ng angkop na pagsusulit pangkasanayan upang masukat ang tunay na antas ng kanilang kasanayan.

Ang kasalukuyang mga pag-aaral tungkol sa kasanayang pangwika ng mga mag-aaral, partikular sa mga rural na komunidad, ay nagpakikita ng ilang mahalagang puwang sa pananaliksik. Kabilang dito ang kakulangan ng mga materyales at pagsasanay na kinakailangan para sa epektibong pagtuturo, ang mababang antas ng kasanayang pangwika lalo na sa semantika at gramatika, at ang hindi sapat na balidado at maaasahang pagsusulit pangkasanayan (Garcia, 2022; Ramos at Santos, et.al 2021; Mendoza, 2023; Delos Reyes, 2022). Ang mga ito ay nagpakikita ng pangangailangan para sa mas masusing pagsusuri at mga konkretong hakbang upang matugunan ang mga isyung ito.

Kaya, ang pag-aaral na ito ay naglalayong tugunan ang mga hamon sa kasanayang pangawika ng mga mag-aaral sa batayang edukasyon, lalo na sa aspeto ng semantika at gramatika upang mas matutukan ito sa lalong madaling panahon at hindi na maragdagan ang mga kasalukuyang kakulangan. Ang kakayahang maunawaan at magamit ang wika nang wasto ay mahalaga sa epektibong komunikasyon at akademikong tagumpay. Gayunpaman, nananatiling mababa ang kasanayan ng maraming mag-aaral sa mga aspektong ito, na nagiging sanhi ng kanilang kahirapan sa pagkatuto at pakikilahok sa klase. Ang pagsusuri sa kasalukuyang antas ng kasanayang pangwika at ang pagbuo ng isang balido at relayabol na SOLO-Based na pagsusulit ay magbibigay-daan upang makabuo ng mas angkop na estratehiya sa pagtuturo at mas epektibong suporta para sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang antas ng Kasanayang pangwika ng mga mag-aaral na papasok sa ikapitong baitang, partikular sa semantika at gramatika, at bumuo ng isang *SOLO-Based* na pagsusulit na balido at relayabol. Sa kontekstong ito, sinisiyasat ng pag-aaral ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang kasalukuyang antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral na papasok sa ikapitong baitang sa semantika batay sa:
   - 1.1. konotasyon; at
   - 1.2. denotasyon?
2. Ano ang kasalukuyang antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral na papasok sa ikapitong baitang sa gramatika batay sa:
   - 2.1. Salitang Pangnilalaman:
     - 2.1.1. Nominal:
     - 2.1.2. Pandiwa;
     - 2.1.3. Panuring:
   - 2.2. Salitang Pangkayarian:
     - 2.2.1. Pangatnig;
     - 2.2.2. Pang-angkop; at
     - 2.2.3. Pang-ukol?
3. Ano ang antas ng balidasyon ng nabuong *SOLO-Based* na Pagsusulit batay sa:
   - 3.1. balditi ng nilalaman; at
   - 3.2. balditi na lantad;?
4. Ano ang relayabiliti ng nabuong *SOLO-Based* na Pagsusulit batay sa:
   - 4.1. Unang Relayabiliti;
   - 4.2. Ikalawang Relayabiliti; at
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa tatlong na paaralan?

## METHODOLOGY

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Pananaliksik at Pag-unlad o *Research and Development(R&D).* Sa pananaliksik na ito angkop ang ganitong uri ng desinyo sa pag-aaral dahil inalam ang antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral parttikular sa gramatika at semantika. Mula dito bumuo ng SOLO-Based na pagsusulit na balido at may relayabiliti

### Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga mag-aaral na papasok sa ikapitong baitang ng tatlong paaralan ng Distrito ng Norala at anim na mga dalubhasang guro sa wikang filipino na sumuri sa binuong SOLO-Based na pagsusulit.

**Pangangalap ng mga Datos**

Ang mananaliksik ay magsisimula sa pamamagitan ng paghahanda ng liham-pahintulot na ipapasa sa Dekana ng Sultan Kudarat State University (SKSU) upang humingi ng pag-apruba para sa pag-aaral. Matapos makuha ang pahintulot, ipinasa ang liham sa Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala Dibisyon ng South Cotabato at sa mga punongguro ng tatlong paaralan sa distrito upang makuha ang kanilang pagsang-ayon.

Susunod ang pagpabalido ng 80-item na SOLO-Based na pagsusulit sa pamamagitan ng pagsusuri ng anim na eksperto sa Filipino upang matiyak ang balididiti ng nilalaman nito. Isasagawa rin ang pilot testing sa mga mag-aaral na papasok sa ikapitong baitang upang masuri ang relayabiliti ng pagsusulit. Batay sa mga resulta, ang pagsusulit ay isasaayos at babawasan sa 50-item na pinal na bersyon.

Pagkatapos ng mga pagbabago, muling isasagawa ang pagpabalido ng nilalaman at lantad na balididiti. Ang 50-item na pagsusulit ay muling susuriin sa tatlong paaralan sa Distrito ng Norala upang tiyakin ang consistency ng mga resulta sa loob ng isang linggo. Sa pagtatapos, ang lahat ng nakalap na datos mula sa proseso ay kokolektahin para sa pagsusuri.

## RESULTS AND DISCUSSION

Sa kabanatang ito, inilahad at matamang sinuri ng mananaliksik ang antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral na papasok sa ikapitong baitang. Sa hangarin ng mananaliksik na maging madali ang pagsusuri at pagbibigay-interpretasyon sa mga datos na nakalap, isinaayos ito sa pamamagitan ng mga talahanayan.

**Antas ng Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral sa Semantika**

| *Indikeytor* | *Mean* | *SD* | *Deskripsiyon* |
|---|---|---|---|
| ***Konotasyon*** | *80.73* | *9.09* | *Kasiya-siya* |
| ***Denotasyon*** | *79.54* | *9.09* | *Kasiya-siya* |
| ***Kabuoan*** | *80.14* | *9.07* | *Kasiya-siya* |

Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa semantika batay sa dalawang pangunahing indikeytor: konotasyon at denotasyon. Ang mean na nakuha para sa konotasyon ay 80.73 (SD=9.09), habang ang denotasyon ay may mean na 79.54 (SD=9.09). Ang kabuoang mean ng semantikang kasanayan ay 80.14 na may standard deviation na 9.07. Batay sa interpretasyon, ang lahat ng nakuha nilang marka ay nasa antas na Kasiya-siya.

Ipinapahiwatig ng mga resulta na may kakayahan ang mga mag-aaral na maunawaan at magamit ang kahulugan ng salita batay sa konteksto, maging ito man ay literal o malalim na pagpakahuhulugan. Gayunpaman, ang pagiging nasa antas lamang ng Kasiya-siya ay nagpakikita na may puwang pa para sa pagpabubuti, lalo na sa mas mataas na antas ng pag-unawa sa semantika. Ang maliit na pagkakaiba sa mean ng konotasyon at denotasyon ay nagpahihiwatig na pantay na nahahamon ang mga mag-aaral sa parehong aspekto ng semantika.

Ayon kina Castillo et al. (2018), ang kasanayan sa semantika ay may direktang epekto sa kakayahan ng mag-aaral na unawain ang masalimuot na ideya sa iba't ibang uri ng babasahin. Ipinakita rin sa pag-aaral ni Ramos (2020) na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng kasanayan sa konotasyon at denotasyon ay mas mahusay sa pagbibigay ng interpretasyon sa mga tekstong pampanitikan. Bukod dito, ipinapakita sa pananaliksik nina Santos at Villanueva (2019) na ang mas malalim na pag-unawa sa semantika ay isang mahalagang salik sa pagpayayaman ng bokabularyo at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

**Antas ng Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral sa Gramatika**

| *Indikeytor* | *Mean* | *SD* | *Deskripsiyon* |
|---|---|---|---|
| ***Nominal*** | *72.02* | *5.02* | *Hindi Natugunan ang Inaasahan* |
| ***Pandiwa*** | *71.14* | *7.72* | *Hindi Natugunan ang Inaasahan* |
| ***Panuring*** | *69.13* | *5.15* | *Hindi Natugunan ang Inaasahan* |
| ***Pangatnig*** | *67.38* | *4.30* | *Hindi Natugunan ang Inaasahan* |
| ***Pang-angkop*** | *67.79* | *4.14* | *Hindi Natugunan ang Inaasahan* |
| ***Pang-ukol*** | *70.34* | *7.07* | *Hindi Natugunan ang Inaasahan* |
| ***Kabuoan*** | *69.63* | *16.66* | *Hindi Natugunan ang Inaasahan* |

Batay sa datos na nasa talahanayan 3, makikita na ang lahat na mga kasanayang pangwika ay may deskripsiyon na Hindi Natugunan ang Inaasahan- nominal (M= 72.02, SD=5.02), pandiwa (M= 71.14, SD=7.72, pang-ukol (M= 70.34, SD=7.07), panuring (M= 69.13, SD=5.15), pang-angkop (M= 67.79, SD=4.14), at pangatnig (M= 67.38, SD=4.30).

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa paggamit ng tamang estruktura ng pangungusap, partikular sa pagbuo ng mga pangungusap gamit ang tamang nominal, pandiwa, panuring, pangatnig, pang-angkop, at pang-ukol. Ang mababang iskor sa panuring, pangatnig, at pang-angkop ay maaaring nangangahulugan ng kakulangan sa pagkilala at paggamit ng mga pang-ugnay sa masining at malinaw na pagpaphahayag. Ang mga kahinaang ito ay maaaring makaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsulat at pagsasalita, na siyang mahalagang aspeto ng akademikong pagganap at epektibong komunikasyon.

Ayon kay Ellis (2020), ang kahinaan sa gramatika ay may kaugnayan sa paraan ng pagtuturo, kung saan ang explicit grammar instruction ay mas epektibo sa pagpapataas ng kasanayang gramatikal kaysa sa implicit instruction. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina DeKeyser (2018) at Larsen-Freeman (2019) na ang kakayahang gramatikal ay maaaring mapabuti sa pamamagitan ng task-based language teaching (TBLT), kung saan ang mga mag-aaral ay natututo ng gramatika sa pamamagitan ng aktwal na paggamit ng wika sa komunikatibong konteksto. Dagdag pa rito, ayon kay Richards at Schmidt (2021), ang patuloy na pag-eeksperimento ng mga mag-aaral sa wika sa loob ng klase ay may mahalagang papel sa kanilang kasanayang panggramatika.

**Balidit ng Nilalaman ng nabuong SOLO-Based na Pagsusulit**

| **Aytem** | **B1** | **B2** | **B3** | **B4** | **B5** | **B6** | **Bilang ng Balideyt or** | ***CVI*** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **1** | 3 | 3 | 4 | 4 | 2 | 4 | 5 | 0.8333 | Nauugnay |
| **2** | 4 | 4 | 3 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **3** | 4 | 3 | 4 | 4 | 3 | 3 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **4** | 3 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **5** | 4 | 2 | 4 | 3 | 4 | 4 | 5 | 0.8333 | Nauugnay |
| **6** | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **7** | 4 | 3 | 4 | 2 | 4 | 3 | 5 | 0.8333 | Nauugnay |
| **8** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **9** | 3 | 3 | 3 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **10** | 4 | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **11** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **12** | 4 | 2 | 4 | 4 | 4 | 4 | 5 | 0.8333 | Nauugnay |
| **13** | 4 | 4 | 4 | 3 | 3 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **14** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **15** | 4 | 3 | 3 | 4 | 4 | 3 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **16** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **17** | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **18** | 4 | 4 | 3 | 3 | 3 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **19** | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 3 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **20** | 3 | 3 | 4 | 4 | 4 | 3 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **21** | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **22** | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 3 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **23** | 3 | 3 | 4 | 4 | 3 | 3 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **24** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **25** | 4 | 4 | 3 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **26** | 4 | 4 | 4 | 4 | 3 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **27** | 3 | 3 | 3 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **28** | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **29** | 4 | 4 | 4 | 4 | 3 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **30** | 3 | 3 | 3 | 4 | 3 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **31** | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **32** | 4 | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **33** | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **34** | 4 | 4 | 3 | 4 | 3 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **35** | 4 | 3 | 4 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **36** | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **37** | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **38** | 4 | 4 | 4 | 3 | 3 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **39** | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 3 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **40** | 3 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **41** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **42** | 3 | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **43** | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **44** | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **45** | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **46** | 4 | 4 | 3 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **47** | 4 | 4 | 4 | 4 | 3 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **48** | 4 | 4 | 4 | 3 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **49** | 3 | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **50** | 4 | 3 | 4 | 4 | 4 | 4 | 6 | 1 | Lubos na Nauugnay |
| **Kabuoan** | **3.7** | **3.62** | **3.68** | **3.68** | **3.76** | **3.84** | **5.92** | | |
| | | | | | **S-CVI/AVE** | | | **0.98666** | **Lubos na Nauugnay** |
| | | | **TOTAL AGREEMENT** | | | | **46** | | |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 71-80

| | |
|---|---|
| **S-CVI-UA** | **0.0197 3** |

Batay sa Talahanayan 4, ipinapakita ng datos ang resulta ng pagsusuri sa balidity ng nilalaman ng nabuong SOLO-Based na pagsusulit. Ang balidasyon ng nilalaman ng SOLO-Based na pagsusulit ay isinagawa ng anim na eksperto. Batay sa kanilang mga rating, ang Scale Content Validity Index Average (S-CVI/AVE) ay 0.9867, na nagpapakita ng mataas na antas ng pagsang-ayon sa balidity ng nilalaman. Ang Total Agreement naman ay 46, na nangangahulugang karamihan sa mga item ay may pagkakapareho ng rating mula sa mga eksperto at ang Scale Content Validity Index Universal Agreement (S-CVI-UA) ay 0.0197, na nagpapahiwatig na halos lahat ng mga eksperto ay sumang-ayon sa balidity ng pagsusulit.

Ang nabuong SOLO-Based na Pagsusulit ay may mataas na antas ng balidasyon batay sa balidity ng nilalaman. Ipinakita ng pagsusuri na karamihan sa mga eksperto ay may mataas na antas ng pagsang-ayon sa mga item ng pagsusulit, na nagresulta sa isang mataas na Scale Content Validity Index (S-CVI/Ave). Ipinapakita nito na ang mga tanong ay akma at may kaugnayan sa layunin ng pagsusulit. Ang mataas na total agreement mula sa mga eksperto ay nagpapatunay na ang pagsusulit ay maaasahan at maaaring gamitin bilang isang epektibong instrumento sa pagtatasa.

Ang mga natuklasang ito ay kaayon ng iba pang pag-aaral na nagsusuri ng balidasyon ng mga pagsusulit gamit ang ekspertong ebalwasyon. Ayon kina Almanasreh et al. (2019), ang mataas na content validity index ay isang mahalagang batayan upang matiyak ang pagiging epektibo ng isang instrumento sa pagsusuri. Sa parehong paraan, binigyang-diin nina Rubio et al. (2017) na ang paggamit ng ekspertong pagsusuri ay mahalaga upang masiguro ang pagiging wasto at kaangkupan ng isang pagsusulit sa nilalaman nito. Ang resulta ng kasalukuyang pananaliksik ay nagpapatibay sa kahalagahan ng maingat na balidasyon sa pagbuo ng isang pagsusulit upang masiguro ang kredibilidad at bisa nito.

**Balidity na Lantad ng nabuong SOLO-Based na pagsusulit.**

| ***Pamantayan*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Deskripsiyon*** |
|---|---|---|---|
| ***A. KAANGKUPAN*** | | | |
| 1. Ang mga tanong ay sumasalamin sa layunin ng aralin batay sa *SOLO Taxonomy*. | *4.33* | *0.47* | *Sumasang-ayon* |
| 2. Ang pagsusulit ay sumasaklaw sa iba't ibang antas ng pag-unawa. *(Pre-structural, Unistructural, Multistructural*, *Relational* at *Extended Abstract)*. | *4.67* | *0.47* | *Lubos na sumasang-ayon* |
| 3. Ang mga tanong ay naaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang kasalukuyang antas ng pag-aaral. | *4.83* | *0.37* | *Lubos na sumasang-ayon* |
| 4. Ang pagsusulit ay naglalaman ng balanseng dami ng mga tanong mula mababa hanggang mataas na antas ng *SOLO Taxonomy*. | *4.17* | *0.37* | *Sumasang-ayon* |
| 5. Ang layunin ng bawat tanong ay malinaw at nauugnay sa paksa. | *4.33* | *0.47* | *Sumasang-ayon* |
| **Kabuoan** | ***4.47*** | ***0.09*** | ***Sumasang-ayon*** |
| ***B. NILALAMAN*** | | | |
| 1. Ang nilalaman ng pagsusulit ay naaangkop sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. | *4.67* | *0.47* | *Lubos na sumasang-ayon* |
| 2. Maayos at malinaw ang pagkalahad ng mga katanungan sa bawat bilang. | *3.67* | *0.47* | *Sumasang-ayon* |
| 3. May maayos na pagkagamit ng balarila sa mga katanungan. | *3.83* | *0.37* | *Sumasang-ayon* |
| 4. May maayos na pagkasunod-sunod ng paksa sa mga katanungan at hindi magulo ang kinalalagyan ng bilang ang mga ito. | *4.17* | *0.69* | *Sumasang-ayon* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Ang bawat tanong ay nagbibigay ng pagkatataon na suriin ang iba't ibang aspekto ng kaalaman. | *5.00* | *0.00* | *Lubos na sumasang-ayon* |
| 6. Ang nilalaman ng tanong ay may lohikal na daloy mula sa simple patungo sa masalimuot na antas. | *4.17* | *0.69* | *Sumasang-ayon* |
| 7. Ang mga tanong sa mataas na antas *(Relational at Extended Abstract)* ay nakatuon sa pag-uugnay ng mga konsepto. | *4.17* | *0.90* | *Sumasang-ayon* |
| 8. Ang mga tanong ay nagpakikita ng pagiging bago at may kaugnayan sa kasalukuyang mga isyu kung naaangkop. | *3.67* | *0.75* | *Sumasang-ayon* |
| 9. Ang pagsusulit ay nagtataguyod ng pagsasama-sama ng iba't ibang konsepto sa isang kabuoan. | *4.17* | *0.37* | *Sumasang-ayon* |
| *10. Ang nilalaman ng tanong ay may kaugnayan sa buhay at karanasan ng mga mag-aaral.* | *4.83* | *0.37* | *Lubos na sumasang-ayon* |
| ***Kabuoan*** | *4.23* | *0.27* | *Sumasang-ayon* |
| ***C. PAGLIKHA AT ANYO*** | | | |
| *1. Ang mga tanong ay malinaw na nakabatay sa mga antas ng* SOLO Taxonomy. | *4.33* | *0.47* | *Sumasang-ayon* |
| *2. Ang wika ng tanong at mga pagpipilian ay malinaw at madaling maunawaan.* | *4.00* | *0.82* | *Sumasang-ayon* |
| *3. Ang mga tanong ay nakaayos mula sa mababa patungo sa mataas na antas ng pag-unawa.* | *4.50* | *0.50* | *Sumasang-ayon* |
| *4. Ang bawat tanong ay may lohikal na sagot na sumasalamin sa layunin ng pagsusulit.* | *4.67* | *0.47* | *Lubos na sumasang-ayon* |
| *5. Ang disenyo ng pagsusulit ay organisado at angkop para sa pagsusukat ng lalim ng pag-iisip.* | *4.17* | *0.69* | *Sumasang-ayon* |
| *6. Sa pangkalahatan, ang* stem *ng bawat aytem ay nakasaad sa positibong anyo.* | *4.67* | *0.47* | *Lubos na sumasang-ayon* |
| *7. Ang* stem *ng aytem ay naglalaman ng sapat na impormasyon at walang hindi magkaugnay.* | *4.17* | *0.37* | *Sumasang-ayon* |
| *8. Ang mga aytem ay naglalaman, hangga't maaari, ng sapat na impormasyon sa pangunahing bahagi ngunit walang kalabisan o di-kaugnay.* | *4.00* | *0.82* | *Sumasang-ayon* |
| *9. Ang mga pagpipilian ay walang pahiwatig kung alin ang tamang sagot.* | *4.00* | *0.58* | *Sumasang-ayon* |
| *10. Ang disenyo at pormat ng mga aytem ay malinaw at pare-pareho.* | *4.00* | *0.00* | *Sumasang-ayon* |
| ***Kabuoan*** | ***4.25*** | ***0.14*** | ***Sumasang-ayon*** |
| ***Pangkalahatang Kabuoan*** | ***4.32*** | ***0.21*** | ***Sumasang-ayon*** |

Batay sa Talahanayan, ipinapakita na ang nabuong SOLO-Based na pagsusulit ay may mataas na antas ng face validity o baliditi na lantad, batay sa pagsusuri ng mga balideytor. Sinuri ito sa tatlong pamantayan: Kaangkupan (Mean-4.47, SD-0.09), Nilalaman (Mean-4.23, SD-0.27), at Paglikha at Anyo (Mean-4.25, SD-0.14). Sa aspetong Kaangkupan, ipinakita ng datos na ang pagsusulit ay angkop sa layunin ng pagtataya at umaayon sa mga inaasahang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Sa Nilalaman, nakita na ang pagsusulit ay sumasaklaw sa itinakdang kasanayang pangwika, ngunit may ilang bahagi na maaaring mapaghusay pa. Sa Paglikha at Anyo, lumabas na maayos ang pagkaaayos ng pagsusulit, malinaw ang mga tanong, at madaling maunawaan ng mga mag-aaral. Sa pangkalahatan, positibo ang naging pagsusuri ng mga balideytor sa kalidad at kaangkupan ng nabuong pagsusulit.

Ipinapakita ng mga resulta na ang pagsusulit ay nakaaayon sa pamantayan ng isang maayos na pagtataya, na nagbibigay ng kumpiyansa sa mga guro at mag-aaral hinggil sa pagiging wasto at kapani-paniwala nito. Ang mataas na baliditi na lantad ay nagpahihiwatig na maayos ang disenyo ng pagsusulit at tugma ito sa antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral. Gayunpaman, bagaman positibo ang pagsusuri, nangangailangan pa rin ng masusing pagsusuri sa aspeto ng nilalaman upang higit na matiyak na ang bawat

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 71-80

tanong ay sumasaklaw sa kabuoang layunin ng pagtataya. Ang mga natuklasang ito ay mahalaga sapagkat ang face validity ay may direktang epekto sa pagtanggap at pagganyak ng mga mag-aaral sa pagsasagot ng pagsusulit. Kung ang isang pagsusulit ay nakikitang may malinaw na layunin at lohikal ang pagkaaayos, mas nagiging epektibo ito sa pagsusukat ng tunay na kakayahan ng mga mag-aaral.

Ayon kina Ary et al. (2018), ang face validity ay isang mahalagang aspeto ng pagtataya sapagkat ito ang unang batayan ng mga mag-aaral at guro sa pagtanggap ng isang pagsusulit bilang isang epektibong kasangkapan sa pagsukat ng kasanayan. Sa pag-aaral nina Brown at Abeywickrama (2019), kanilang binigyang-diin na ang mataas na baliditi na lantad ay nagdudulot ng positibong pananaw sa mga mag-aaral, na nagiging daan upang mas maging motibado sila sa pagsagot ng pagsusulit. Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Fulcher at Davidson (2020) na ang pagsusulit na may malinaw at kapani-paniwalang estruktura ay mas nagbubunga ng mas tumpak na pagtataya ng kasanayan ng mga mag-aaral. Sa ganitong konteksto, ang nabuong SOLO-Based na pagsusulit ay maaaring ipagpatuloy at higit pang mapabuti sa pamamagitan ng patuloy na face validation upang mas matiyak ang lawak at lalim ng kasanayang sinusukat nito.

**Relayabiliti ng nabuong SOLO-Based na Pagsusulit batay sa Una at Ikalawang Relayabiliti**

| | *N* | *Mean* | *SD* | *r* | *p-value* | *Interpretasyon* |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ***Unang Relayabiliti*** | *68* | *21.72* | *5.45* | *0.456* | *0.000* | Moderate Significat Correlation |
| ***Ikalawang Relayabiliti*** | *68* | *29.02* | *7.35* | | | |

*.05 level of Significance (2 tailed)*

*Batay sa Talahanayan, isinagawa ang pagsusuri sa* reliability *ng nabuong* SOLO-Based *na pagsusulit sa pamamagitan ng dalawang magkasunod na pagsubok. Ipinakita sa datos na ang mean score ng mga mag-aaral sa Unang Relayabiliti ay 21.72 na may standard deviation na 5.45, samantalang sa Ikalawang Relayabiliti, tumaas ang mean score sa 29.02 na may standard deviation na 7.35. Ang resulta ay nagpakikita na mayroong* moderate significant correlation *sa pagitan ng Unang at Ikalawang Relayabiliti, na may* r *value na 0.456 at* p-*value na 0.000 sa* 0.05 level of significance. *Ipinapahiwatig nito na may makabuluhang kaugnayan ang dalawang pagsubok, na nangangahulugang ang pagsusulit ay may sapat na antas ng konsistensi sa pagsukat ng kasanayan ng mga mag-aaral.*

*Ipinakikita ng resulta na ang pagsusulit ay* moderate significant correlation, *na nangangahulugang sapat itong nakakukuha ng kaalaman ng mga mag-aaral nang may konsistensi. May mga mag-aaral na nahihirapan kaya nagkaroon ng konsistensi ng relayabiliti. SUbalit, batay sa pamantayan sa pagtataya ng* Cronbach's alpha *may taglay pa rin itong relayabiliti.*

*Ayon kina Anastasi at Urbina (2019), ang isang pagsusulit ay maaaring ituring na maaasahan kung ang mga resulta nito ay konsistent sa iba't ibang administrasyon. Samantala, ipinapakita ng pag-aaral nina Brown at Hattie (2020) na ang konstruksyon ng mga tanong ay may mahalagang papel sa pagiging reliable ng isang pagsusulit, at ang balanse sa antas ng kahirapan ng mga aytem ay nakatutulong sa pagpananatili ng consistency ng mga resulta. Dagdag pa, binanggit nina Fraenkel at Wallen (2019) na ang mga pagsubok na gumagamit ng test-retest method ay nagbibigay ng mas mataas na kumpiyansa sa stability ng pagsusulit, kaya't mahalagang isagawa ang ganitong uri ng pagsusuri bago ito ganap na ipatupad.*

***Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral sa Tatlong na Paaralan***

| *Paaralan* | *Bilang* | **Sum** | **Average** | **Variance** |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ***1*** | *18* | *574* | *24.95652* | *31.4753* |
| ***2*** | *23* | *470.5* | *26.13889* | *39.90605* |
| ***3*** | *27* | *681* | *25.22222* | *24.29487* |

| ***Source of Variance*** | ***SS*** | ***df*** | ***MS*** | ***F*** | ***p-value*** | ***F crit*** | **Deskripsiyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Between Groups** | 15.16153 | 2 | 7.580767 | 0.245064 | 0.782597 | 3.138142 | Walang Kabuluhan |
| **Within Groups** | 2002.526 | 65 | 30.80809 | | | | |
| **Total** | 2017.688 | 67 | | | | | |

Batay sa Talahanayan, isinagawa ang pagsusuri gamit ang Analysis of Variance (ANOVA) upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral mula sa tatlong paaralan. Ang mga paaralan ay may sumusunod na average scores: Paaralan 1 (M = 24.96, V = 31.48), Paaralan 2 (M = 26.14, V = 39.91), at Paaralan 3 (M = 25.22, V = 24.29). Ang resulta ng ANOVA ay nagpakita ng $F$-value na 0.245 at $p$-value na 0.783, na mas mataas sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05. Dahil dito, ang computed $F$-value ay mas mababa kaysa sa $F$-critical value na 3.138, na nangangahulugan na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral mula sa tatlong paaralan.

Ang hindi pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral ay maaaring nagpahihiwatig na ang mga paaralan ay may magkatulad na kurikulum at pamamaraan ng pagtuturo ng wika. Posible ring may pagkapapareho sa mga salik ng pagkatuto, tulad ng mga estratehiya ng guro, kagamitang pampagtuturo, at paggamit ng mga mag-aaral sa wika. Ang resulta ay nagpakikita na hindi maaaring ipagpalagay na may isang paaralan na may mas mataas na antas ng kasanayang pangwika kumpara sa iba. Gayunpaman, ito ay maaari ring magpahiwatig ng pangangailangang magpatupad ng mas pinasadyang interbensyon upang higit pang mapataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wika.

Ayon kina Garcia at Lorenzo (2019), ang pagkakatulad ng antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral mula sa iba’t ibang paaralan ay maaaring resulta ng standardisadong kurikulum at pantay-pantay na implementasyon ng mga programang pangwika. Sa pag-aaral nina Kim at Park (2020), natuklasan nilang ang kasanayang pangwika ay higit na naaapektuhan ng indibidwal na exposure sa wika sa loob at labas ng paaralan kaysa sa mismong paaralan kung saan nag-aaral ang mag-aaral. Samantala, ipinakita sa pananaliksik nina Zhang at Lee (2021) na bagama’t may pagkakaiba sa instructional methods sa iba’t ibang paaralan, hindi ito laging nagreresulta sa makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng mag-aaral, sapagkat may iba pang salik tulad ng socio-economic background at personal na motibasyon na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto.

## CONCLUSION

Batay sa pagsusuri, ipinapakita ng mga datos na may kakayahan ang mga mag-aaral sa semantika, subalit may puwang pa para sa higit pang pagpapaunlad. Samantala, sa larangan ng gramatika, lumilitaw na may kahinaan sila sa tamang estruktura ng pangungusap, lalo na sa paggamit ng mga pang-ugnay. Ang suliraning ito ay maaaring makaapekto sa kanilang kasanayan sa pagsulat at pagsasalita, kaya’t kinakailangang bigyang-pansin sa pagtuturo.

Pagdating naman sa baliditi ng nilalaman, ang mataas na antas ng balidasyon ay nagpapatunay na ang SOLO-Based na Pagsusulit ay isang maaasahan at epektibong instrumento sa pagtatasa. Gayunpaman, sa baliditi na lantad, bagaman ipinapakita ng pagsusulit ang mataas na baliditi at maayos na disenyo, kinakailangan pa rin ang masusing pagsusuri sa nilalaman upang matiyak na saklaw nito ang mga layunin ng pagtataya.

Sa usapin ng relayabiliti ng nabuong SOLO-Based na Pagsusulit, makikita na may katamtamang ugnayan at sapat na antas ng reliability ito batay sa una at ikalawang pagsusuri. Gayunpaman, nangangailangan pa rin ito ng karagdagang pagpapabuti upang higit na mapataas ang pagiging tiyak at maaasahan ng pagsusulit.

Samantala, sa pagsusuri ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral mula sa tatlong paaralan, lumabas na walang malinaw na pagkakaiba sa kanilang antas ng kasanayan. Ipinapahiwatig nito na maaaring may pagkakapareho sa kurikulum, pamamaraan ng pagtuturo, at iba pang salik ng pagkatuto sa mga paaralang pinag-aralan.

Sa kabuoan, bagaman may positibong resulta ang ilang aspeto ng pagsusulit at kasanayang pangwika ng mga mag-aaral, may ilang bahagi pa ring nangangailangan ng karagdagang pagsisiyasat at pagpapaunlad upang matiyak ang mas mataas na kalidad ng pagtataya at pagkatuto.

## REFERENCES

Bernardo, A. B. I. (2018). Language learning and education in the Philippines: Issues and research agenda. Philippine Journal of Linguistics, 49(1), 23–45.

Castillo, M. A., Reyes, J. P., & Cruz, L. M. (2018). Semantic proficiency and reading comprehension among Filipino students: A correlational study. Journal of Language and Education, 12(2), 45–62.

DeKeyser, R. (2018). Skill acquisition theory and the role of practice in second language learning. In J. W. Schwieter & A. Benati (Eds.), The Cambridge handbook of language learning (pp. 94–113). Cambridge University Press.

Delos Reyes, F. J. (2022). Language assessment and linguistic challenges in rural schools: A case study in the Philippines. Asian Journal of Applied Linguistics, 9(1), 55–72.

Ellis, R. (2020). Grammar teaching and language proficiency: Revisiting explicit and implicit instruction. Language Teaching Research, 24(3), 285–307.

Garcia, D. L. (2022). Evaluating the linguistic competence of Grade 7 students: Basis for assessment tool development. Philippine Journal of Educational Research, 14(1), 77–91.

Larsen-Freeman, D. (2019). Complexity theory and second language acquisition: A dynamic approach to grammatical development. Language Learning, 69(S1), 35–62.

Mendoza, R. C. (2023). Semantic and grammatical challenges among Filipino learners: A pedagogical intervention study. Journal of Language Pedagogy and Research, 15(2), 98–115.

Ramos, P. L. (2020). Contextualizing connotative and denotative meanings: Implications for literary interpretation in secondary schools. Philippine Journal of Linguistic Studies, 11(2), 22–39.

Ramos, J. D., & Santos, E. B. (2021). Language proficiency assessment and curriculum development: Addressing the needs of rural learners. Southeast Asian Journal of Education, 18(1), 41–58.

Richards, J. C., & Schmidt, R. (2021). Longman dictionary of language teaching and applied linguistics (5th ed.). Routledge.

Santos, K. T., & Villanueva, M. P. (2019). Enhancing students' vocabulary and critical thinking through semantic analysis. Philippine Journal of Applied Linguistics, 8(1), 30–50.

UNESCO. (2020). The importance of language proficiency in academic success: A global perspective. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization.